


# BIBLE Study

## 1 Juan 2: 3-6; 1 Corinto 11:1; Mga Taga-Efeso 5:1-2

June 04-10

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON


MAHALAGANG
Prinsipyo sa Buhay
Pagtuklas
Pag-unawa
Pagtugon
1 Juan 2: 3-6;
1 Corinto 11:1;
Mga Taga-Efeso 5:1-2

# 1 Juan 2:3-6

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)



3 Nakakatiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung
sinusunod natin ang kanyang mga utos. 4 Ang
nagsasabing, “Nakikilala ko siya,” ngunit hindi naman
sumusunod sa kanyang mga utos ay sinungaling, at
wala sa kanya ang katotohanan. 5 Ngunit ang
tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig nang wagas sa
Diyos.[a] Sa ganito, nalalaman natin na tayo'y talagang
nasa kanya. 6 Sinumang nagsasabing nananatili siya sa
Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pamumuhay ni
Jesu-Cristo.

# 1 Corinto 11:1

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.

# Efeso 5:1-2

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Mamuhay Ayon sa Liwanag

Yamang kayo'y mga anak na minamahal ng Diyos, tularan
ninyo siya. 2 Mamuhay kayo nang may pagmamahal tulad ni
Cristo; dahil sa kanyang pagmamahal sa atin, inialay niya ang
kanyang buhay bilang mabangong alay at handog sa Diyos.




"Bilang tagasunod ni Hesus, ako ay mamumuhay ng may pag-ibig, gaya Niya."

# Pagtuklas

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

1

Sa 1 Juan 2:3-6, ano ang sabi ni Apostol Juan sa mga tao na nagsasabing kilala nila ang Diyos?

# Pagtuklas

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

2

Sa 1 Corinto 11:1, ano ang tagubilin ni Apostol Pablo?

# Pagtuklas

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

3

Sa Mga Taga-Efeso 5:1-2, ano ang ipinangaral ni Apostol Pablo sa mga mananampalataya?



# Pag-unawa

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

1

Kung ating tutularan ang buhay ng Panginoong Hesus, kailangang kilalanin muna natin Siya.  Paano isinalarawan si Hesus sa Biblia?

# Pag-unawa

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

2

Sa karamihan ng mga katangian ni Hesus na ating makikita sa mga pangalan na ibinigay sa Kanya sa Biblia, bakit pinili ni Apostol Pablo, sa Mga Taga Efeso 5:1-2, ang pag-ibig bilang ang katangian na dapat tularan kay Hesus ng mga taong nananampalataya sa Kanya?

# Pag-unawa

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

3

Ang kamatayan ni Hesus sa krus, bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos Ama, ang pinakadakilang tanda ng kanyang pagmamahal sa sanlibutan. Paano pa ipinakita ni Hesus ang kanyang pag-ibig sa mga tao, ayon sa Biblia?

# Pagtugon

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

1

Ipinamalas ng Panginoong Hesus ang kanyang pag-ibig sa Diyos Ama sa pamamagitan ng pagsunod sa kalooban Nito - na siya ay mamatay sa krus upang iligtas ang tao mula sa kasalanan at kamatayan. Katulad ni Hesus, sinusunod mo rin ba ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay? Ibahagi mo sa iyong grupo ang iyong mga karanasan tungkol dito.

# Pagtugon

1 Juan 2: 3-6;
1 Corinto 11:1;
Mga Taga-Efeso 5:1-2

2

Bilang tagasunod ni Hesus, paano ka mamumuhay sa pag-ibig tulad Niya? Isulat kung paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa mga tao (hal., sa iyong ka-pamilya/kamag-anak, sa kapit-bahay, sa kaaway), katulad ng pagmamahal sa iyo ni Hesus.

# Pagtugon

**1 Juan 2: 3-6;**
**1 Corinto 11:1;**
**Mga Taga-Efeso 5:1-2**

3

Ibahagi sa iyong grupo ang isang karanasan na naramdaman mo ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng isang kapatiran. Pasalamatan mo ang Diyos para sa taong iyon, at magpakita ka rin ng pagmamahal sa iba.




"Bilang tagasunod ni Hesus, ako ay mamumuhay ng may pag-ibig, gaya Niya."

# MAHALAGANG

# Prinsipyo sa Buhay

## Pagtuklas

## Pag-unawa

## Pagtugon

1 Juan 2: 3-6;
1 Corinto 11:1;
Mga Taga-Efeso 5:1-2


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER



# BIBLE *Study*

## 1 Juan 2: 3-6; 1 Corinto 11:1; Mga Taga-Efeso 5:1-2

**SEE YOU NEXT WEEK**

**PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON**

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584